

# Paghingi ng Tulong para sa Iyong Bayarin / *Getting Help with Your Bill*

## Buod ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng Texas Health

Ang Texas Health Resources at ang kanilang mga kaakibat na ospital ay naghahandog ng pinansyal na tulong sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng Texas Health. Maaari itong iangkop sa sinumang tumatanggap ng mga serbisyo sa ospital mula sa Texas Health o sa kaakibat na ospital. Ang Patakaran sa Pinansyal na Tulong, isang Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong at Buod sa Payak na Wika ay makukuha

sa Ingles at Espanyol, at sa iba pang mga wika kung kailangan. Hindi naaangkop ang pinansyal na tulong sa mga singil na mula sa mga doktor, sa labas ng mga panlaboratoryong pagsusuri o iba pang mga provider (tagapagkaloob) ng pangangalagang pangkalusugan na hindi nakatalaga sa ospital.

### Kuwalipikado Ba Ako para sa Pinansyal na Tulong?

Maaari kang humingi ng tulong para sa iyong bayarin sa anumang oras sa panahon ng iyong pamamalagi sa ospital o sa panahon ng proseso ng billing. Malalaman namin kung magkano ang babayaran mo sa pamamagitan ng pag-aaral sa iyong kita, mga asset o iba pang mapagkukunan. Kung ang iyong taunang kita ay mas mababa o katumbas ng 200% ng kasalukuyang Federal Poverty Guideline (Pederal na Tuntunin sa Kahirapan), maaari kang tumanggap ng ilang pinansyal na tulong.

Matatagpuan ang mga Federal Poverty Guideline sa:

<http://aspe.hhs.gov/poverty/index.cfm>.

Maaari kang maging kuwalipikado sa tulong para sa lahat o bahagi ng iyong bayarin sa ospital. Ang tulong ay nakabatay sa sliding scale (panukat para sa kakahayang magbayad) kung saan isinasaalang-alang ang iyong taunang kita at laki ng pamilya.

### Paano Ako Makakapag-apply para sa Pinansyal na Tulong?

Upang makakuha ng libreng kopya ng Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong o Patakaran sa Pinansyal na Tulong, pumunta sa:

[TexasHealth.org/Financial-Assistance](http://TexasHealth.org/Financial-Assistance).

Sa webpage na ito, mayroon ding link para mag-apply online sa pamamagitan ng aming portal na MyChart.

Maaari ka ring kumuha ng mga libreng papel na kopya, humiling ng mga libreng kopya sa pamamagitan ng koreo o tumanggap ng tulong sa pamamagitan ng personal na pag-apply sa anumang ospital ng Texas Health sa admitting department (departamentong tumatanggap ng pasyente), o sa pamamagitan ng pagbisita sa Central Business Office (sa pamamagitan ng appointment lamang). Ang aming Customer Service Department ay maaaring tumulong sa iyo sa pag-iskedyul ng appointment o tumulong sa anumang mga katanungan tungkol sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong o proseso ng aplikasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa 800.890.6034.

### Mga Dokumento

Ikaw ay responsable sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa iyong mga benepisyo para sa kalusugan, kita, mga asset at anumang iba pang dokumentong makakatulong sa pagpapakitang kuwalipikado ka. Maaaring maging kabilang sa mga dokumento ang mga bank statement (pahayag ng nilalaman ng iyong account sa bangko), mga form ng buwis sa kita, mga isinuweldo o iba pang impormasyon.

### Emerhensiya at Kinakailangang Pangangalagang Medikal

Kung kuwalipikado ka sa tulong sa iyong bayarin, hindi ka na sisingilin ng higit pa para sa emerhensiya o kinakailangang pangangalagang medikal kaysa sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga taong may coverage para sa parehong uri ng pangangalaga. Upang malaman ang mga halagang karaniwang sinisingil, ginagamit namin ang pamamaraang pagbabalik-aral (kinukumpara namin ang halagang ibinayad ng mga pasyenteng saklaw at ng kanilang mga kumpanyang nagbibigay ng coverage sa nakaraang taon).

### Mga Aktibidad ng Koleksyon

Ang mga singil na hindi nabayaran ng 130 araw mula sa petsa ng paglabas sa ospital ay maaaring ipasa sa isang tagalabas na ahensyang nangongolekta ng utang. Ikaw o ang iyong garantor ay maaaring mag-apply para sa tulong sa iyong bayarin sa anumang oras sa panahon ng proseso ng pangongolekta sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Customer Service sa **800-890-6034**.



TLC 07/21 THR.LAS\_TAGALOG

